

1. Layunin ng Survey

Ang survey na ito ay upang mapag-aralan ang employment status ng mga teknikal intern trainee na bumalik sa kanilang bansa noong FY 2018 (tatawagin mula rito na “dating trainee”), suporta sa paglipat ng trabaho/skill at pagtatamo ng skills, at iba pa ng technical intern training para sa nangangasiwang organisasyon at nagpapatupad ng pagsasanay ng individual enterprise-type training (tatawagin mula rito na “nangangasiwang organisasyon”).

2. Target ng survey

Nangangasiwang organisasyon, at iba pa.

3. Paraan ng survey

- (1) Magpadala ng survey forms at online response manuals sa mga target ng survey.
- (2) Sasagutin ng target ng survey ang questionnaire at ibabalik ito sa OTIT survey office o sasagot sa online.
- (3) Multiple choice at free description


4. Bilang ng mga wastong tugon at rate ng pagtugon

Bilang ng target ng survey	Bilang ng mga tumugon	Rate ng pagtugon
3,077	2,745	89.2%

Status ng kooperasyon ng mga dating trainee sa mga nangangasiwang organisasyon


Status ng kooperasyon sa mga nangangasiwang organisasyon pagkabalik sa sariling bansa

Kaugnay sa survey sa sitwasyon ng mga dating teknikal intern trainee pagkabalik sa sariling bansa, ang bilang ng mga nagpapadalang organisasyon na mayroong cooperative relationship sa mga nangangasiwang organisasyon ay 5,347, na nasa 81.2% ng nagpapadalang organisasyon.



Mayroong cooperative relationship sa nagpapadalang organisasyon


Ukol sa bilang ng mga nagpapadalang organisasyon na mayroong cooperative relationship sa mga nangangasiwang organisasyon, ang pinakamalaking bilang na sagot ng nangangasiwang organisasyon ay sumagot na mayroong 2-3 organisasyon, na nasa 30.9%.



Employment status ng mga dating trainee pagkabalik sa sariling bansa


Employment status ng mga dating trainee pagkabalik sa sariling bansa

Tungkol sa katayuan sa trabaho ng mga dating trainee pagkabalik sa sariling bansa, 61.4% ang total ng mga sumagot. “Natanggap at nagtatrabaho” ay nasa (51.9%), “naka-iskedyul na magtatrabaho” (4.5%), o “nagsimula ng negosyo” (5.0%).



Espesipikong trabaho pagkabalik sa sariling bansa


67.5% sa total ng mga dating trainee ay sumagot na, “pareho sa training” (42.8%) o “pareho ng uri ng trabaho tulad sa training” (24.7%).



Suporta sa mga dating trainee pagkabalik ng sariling bansa


Katayuan ng suporta para sa pagtataguyod ng paglilipat ng skills ng mga dating trainee

74.3% sa mga nangangasiwang organisasyon ay sumagot na nagbigay sila ng suporta sa pagtataguyod na mailipat ang skills ng mga dating trainee (kabilang na ang cooperative relationship at suporta sa nagpapadalang organisasyon)



Espesipikong detalye ng suporta

Ang mga detalye ay pangkaraniwan na, “Pag-isyu ng Certificate of Completion ng Technical Intern Training, Certificate of Employment atbp. sa Japan” na nasa 71.3%. “Impormasyon at rekomendasyon sa trabaho pagkabalik ng sariling bansa” ay 41.0%, at sinundan ng “Konsultasyon ukol sa employment at entrepreneurship pagkabalik sa sariling bansa” na nasa 39.4%.



Progreso ng mga teknikal intern trainee sa panahon ng training period

Tungkol sa progreso ng mga teknikal intern trainee sa panahon ng training

Sa kasalukuyan, 99.0% ng nangangasiwang organisasyon ay sumagot na “nagpapatuloy alinsunod sa technical intern training plan” ukol sa mga teknikal intern trainee na naninirahan sa Japan.

